



Disability  
Rights  
California

*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California*

## Mga Programa ng Medi-Cal upang Tulungan Kang Manatili sa Sariling Bahay o Umalis sa Tahanan ng Pangangalaga

*Enero 2019, Lat. # 5392.08*

Mayroong ilang iba't ibang mga programa sa California na makatutulong sa mga indibiduwal na may mga kapansanan at/o mga nakatatanda na tumatanggap ng Medi-Cal na manatili sa kanilang mga bahay, o tulungan silang umuwi sa bahay mula sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga (kasama ang mga ospital, tahanan ng pangangalaga, at ibang mga medikal na pasilidad). Ang paglalathalang ito ay nagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga programang ito, ngunit kung kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng mga serbisyo, matatawagan mo ang Disability Rights California nang libre sa (800) 776-5746 o TTY: (800) 719-5798. Maaari ka ring bumisita sa aming website sa [www.disabilityrightsca.org](http://www.disabilityrightsca.org).

### **Paano Ako Makakukuha ng Tulong sa Pang-araw-araw na Pangangangailangan sa Pangangalaga sa Bahay?**

Ang pangunahing programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng pangangalaga ng katulong upang tulungan ang mga taong may mga kapansanan sa personal na pangangalaga, paglilinis, mga lakad, at mga pagkain ay ang **Mga Serbisyonang Pansuporta sa Bahay (IHSS, InHome Supportive Services)**. Ang IHSS ay idinisenyo upang tumulong sa mababang-kita na mga taong may mga kapansanan sa lahat ng edad na mamuhay nang ligtas sa kanilang mga sariling bahay kung gusto nila, kaysa sa isang tahanan ng pangangalaga o sa ibang pang-grupo na pasilidad ng pangangalaga. Nagbabayad ang IHSS para sa malawak na uri ng mga serbisyonang batay sa bahay na isinasagawa ng mga manggagawa sa pangangalaga ng katulong, kabilang ang hindi-medikal na personal na pangangalaga tulad ng pagpapaligo, pag-aayos, pagpapakain, pagbibihis o tulong sa banyo. Nagbabayad din ito para sa ibang mga serbisyo tulad ng paglilinis, paglalaba, pamimili, pagluluto at paghuhugas ng mga pinggan. Maaaring magpondo ang IHSS ng “mga serbisyonang paramedical” nang may awtorisasyon ng doktor, at makakapaglaan ng transportasyon tungo at mula

sa medikal at ibang kinakailangang mga tipanan. Karamihan sa mga tao ay humahanap at kumukuha ng sarili nilang mga katulong (kabilang ang mga miyembro ng pamilya sa ilalim ng ilang mga sitwasyon), ngunit sa ibang mga county, maaaring isaayos ng mga ahensiya ang IHSS na pangangalaga ng katulong. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa IHSS, tingnan ang paglalathala ng DRC sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Bahay: Manwal sa Praktikal na Impormasyon sa:

<http://www.disabilityrightsca.org/pubs/PublicationsIHSSNutsandBolts.htm> o sa webiste ng Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan (Department of Social Services) sa <http://www.cdss.ca.gov/In-Home-Supportive-Services>.

Ang isa pang opsyon para sa mga taong higit sa 55 taong gulang na kwalipikado para sa Medi-Cal at Medicare at kwalipikado para sa pagtatalaga sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga ay ang **Programa para sa Lahat ng Kasamang Pangangalaga para sa Nakatatanda (PACE, Program of All Inclusive Care for the Elderly)**. Nagbibigay ang PACE ng saklaw para sa lahat ng kinakailangang pampigil, pangunahin, talamak at pangmatagalang pangangalagang mga serbisyo kabilang ang inireresetang mga gamot, medikal na pangangalaga ng doktor, transportasyon, pangangalaga sa bahay, mga pagsusuri, mga pagbisita sa ospital, at kahit mga pagpapanatili sa tahanan ng pangangalaga kapag kinakailangan. Kapag nakatala sa PACE, nakikipagtulungan ka sa mga tagapagbigay ng PACE at hindi ka makakukuha ng IHSS (bagaman nag-aalok ang PACE ng ilang mga serbisyo sa pangangalaga sa bahay). Ang PACE ay hindi makukuha sa lahat ng bahagi ng California. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) ng California sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/ProgramofAllInclusiveCarefortheElderly.aspx>.

## **Paano kung Kailangan Ko ng Karagdagang Pangangalaga ng Katulong (katulad ng propesyunal na pangangalaga o pangangalagang pantahanan)?**

Nagsasagawa rin ang California ng ilang **Mga Paubaya sa mga Serbisyong Batay sa Bahay at Komunidad (HCBS, Home and Community-Based Services)** na mga espesyal na programa sa Medi-Cal na nagpapaubaya ng ilang mga patakaran sa Medi-Cal upang ang mga tao ay maaaring tumira sa bahay sa halip na tumira sa isang pasilidad.

Mayroong iba-ibang mga Pagpapaubaya na HCBS sa California, kasama ang: Pagpapaubaya sa Acquired Immune Deficiency Syndrome (AIDS);

Pagpapaubaya sa Tinutulungang Pamumuhay (ALW, Assisted Living Waiver); Pagpapaubaya sa mga Serbisyong Batay sa Bahay at Komunidad para sa May Kapansanan sa Pagsulong (HCBS-DD, Home and Community-Based Services Waiver for the Developmentally Disabled); Pagpapaubaya sa mga Alternatibong Batay sa Bahay at Komunidad (HCB, Home and Community-Based) (dating kilala bilang Pagpapaubaya sa Pasilidad ng Propesyunal na Pangangalaga/Talamak na Ospital (NF/AH, Nursing Facility/Acute Hospital); at ang Pagpapaubaya sa Pang-maramihang Gamit na mga Serbisyo para sa Nakatatanda (MSSP, Multi-Purpose Senior Services Waiver). Ang mga Pagpapaubaya ay inilalarawan sa ibaba:

Pagpapaubaya sa Tinutulungang Pamumuhay (ALW, Assisted Living Waiver): Ang Pagpapaubaya sa Tinutulungang Pamumuhay ay isang programa sa Medi-Cal na nagbabayad para sa tinutulungang pamumuhay, koordinasyon ng pangangalaga at ibang mga benepisyo na ibinibigay sa mga kwalipikadong nakatatanda at mga taong may mga kapansanan na kwalipikado para sa pagtatalaga sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga. Ang mga serbisyong ALW ay makukuha sa mga county ng Alameda, Contra Costa, Fresno, Kern, Los Angeles, Orange, Riverside, Sacramento, San Bernardino, San Diego, San Francisco, San Joaquin, San Mateo, Santa Clara, at Sonoma. Ang mga indibiduwal ay tumatanggap ng mga serbisyo sa paglahok sa Mga Pasilidad sa Pangangalagang Pantahanan (RCFs, Residential Care Facilities), Mga Pasilidad sa Pangangalagang Pantahanan para sa mga Matatanda (RCFEs, Residential Care Facilities for the Elderly) o sa pampublikong pabahay na may pinansyal na suporta. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapaubaya na ito, maaari kang bumisita sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/AssistedLivingWaiver.aspx>.

Pagpapaubaya sa mga Alternatibong Batay sa Bahay at Komunidad (HCBA, Home and Community Based Alternatives) (dating Pagpapaubaya sa Pasilidad ng Propesyunal na Pangangalaga/Talamak na Ospital): Binibigay ng Pagpapaubaya sa HCBA ang naghahahiling propesyunal na pangangalaga sa bahay, pangangalaga ng katulong, habilitasyon, pangangasiwa ng kaso, at iba pang mga serbisyo sa mga indibiduwal na kwalipikado para sa pagtatalaga sa mga pasilidad ng Medi-Cal tulad ng mga pasilidad ng propesyunal na pangangalaga, katamtamang talamak na mga pasilidad, mga Pasilidad sa Intermediyang Pangangalaga para sa mga Indibiduwal na may Intelektuwal na Kapansanan/Patuloy na Pangangalaga (ICF/DD-CN, Intermediate Care Facilities for Individuals with Intellectual Disabilities/Continuous Nursing), o talamak na mga ospital. Ang programang ito ay makukuha sa buong estado at direktang pinangangasiwaan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan – sangay ng Mga Pagpapatakbo Sa-Bahay. Simula August 2018, nagsimula ang (DHCS, Department of Health Care Services) na makipag-

kontrata sa mga Ahensiya ng Pagpapaubaya na batay sa komunidad upang magbigay ng mga pagtatasa at pangangasiwa ng kaso. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Pagpapaubaya sa HCBA, tingnan sa mga web page ng DHCS sa:

[http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/Home-and-Community-Based-\(HCB\)-Alternatives-Waiver.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/Home-and-Community-Based-(HCB)-Alternatives-Waiver.aspx). Ang DRC ay mayroon ding papel ng katotohanan

tungkol sa Pagpapaubayang HCBA na makikita sa:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/the-home-and-community-based-alternatives-hcb-alternatives-waiver-formerly-known-as>.

Programang Maramihang-gamit na mga Serbisyo para sa Nakatatanda (MSSP, Multipurpose Senior Services Program): Ang Pagpapaubaya sa MSSP ay nagbibigay ng Mga Serbisyon Batay sa Bahay at Komunidad (HCBS, Home and Community-Based Services) sa mga indibiduwal na kwalipikado sa Medi-Cal na 65 taong gulang o mas matanda at may kapansanan, bilang alternatibo sa pagtatalaga sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga. Nagbibigay ang MSSP ng batay sa komunidad na pangangasiwa ng kaso, mga ugnayan sa ibang mga kailangang serbisyo, at maaaring magpondo o bumili ng ilang mga serbisyon kailangan upang tulungan ang mga kalahok na manatili sa kanilang mga bahay. Ang MSSP ay makukuha sa halos lahat ng mga bahagi ng estado. Para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa programa ng MSSP ng bawat county, tingnan ang website ng Kagawaran ng Pagtanda (Department of Aging) ng California sa:

<http://www.aging.ca.gov/programsproviders/mssp/> o ang paglalathala ng DRC tungkol sa MSSP sa: <https://www.disabilityrightsca.org/publications/the-multipurpose-senior-services-program-may-be-the-answer-to-staying-at-home-rather>.

Pagpapaubaya sa mga Serbisyon Batay sa Bahay at Komunidad para sa May Kapansanan sa Pagsulong (HCB-DD Waiver, Home and Community-Based Services Waiver for the Developmentally Disabled): Ang Pagpapaubaya sa DD ay nagpopondo sa maraming mga serbisyon batay sa bahay at komunidad para sa mga taong may mga kapansanan sa pagsulong sa pamamagitan ng mga rehiyunal na mga sentro ng California. Para sa karagdagang impormasyon sa pangkalahatan tungkol sa mga serbisyo ng rehiyunal na sentro, tingnan sa website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pagsulong (Department of Developmental Services) ng California sa: <http://www.dds.ca.gov/RC/index.cfm> o ang paglalathala ng DRC na Mga Karapatan sa Ilalim ng Batas na Lanterman sa: <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/PublicationsRULAEnglish.htm>.

Pagpapaubaya sa Acquired Immune Deficiency Syndrome (AIDS) : Ang Pagpapaubaya sa AIDS ay naglilingkod sa mga bata at nasa wastong gulang na kwalipikado sa Medi-Cal na may sakit na HIV o AIDS na kwalipikado para sa pagtatalaga sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga. Kabilang sa mga makukuhang serbisyo ang: pangangasiwa ng kaso, bihasang pangangalaga, pangangalaga ng katulong, sikoterapiya, mga pagkaing hinahatid sa bahay, pagpapayo sa nutrisyon, mga suplemento sa nutrisyon, medikal na kagamitan at mga panustos, maliliit na pisikal na mga pagbabago sa bahay, hindi pang-emerhensiyang medikal na transportasyon, at pinansyal na suplemento para sa pangangalaga sa pagkandili. Mayroong 20 tagapagbigay ng Pagpapaubaya sa AIDS sa estado. Narito ang kasalukuyang listahan ng mga tagapagbigay: <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DOA/CDPH%20Document%20Library/MCWP%20Provider%20List.pdf>. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) ng California sa: <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/AIDS.aspx>. Ang DRC ay mayroong ding papel ng katotohanan tungkol sa Pagpapaubaya sa AIDS: <https://www.disabilityrightsca.org/publications/how-the-aids-medi-cal-waiver-can-help-you-get-the-care-you-need-at-home-instead-of-in>.

## **Sino ang Makatutulong sa Akin na Umuwi mula sa Pasilidad ng Propesyunal na Pangangalaga?**

Kung kailangan mo ng tulong sa paglabas sa medikal na pasilidad, ang tagaplano ng pagpapalabas ay makatutulong sa iyo. Tandaan na ang Pagpapaubaya sa Mga Alternatibong HCB, ayon sa inilarawan sa itaas, ay makakapaglaan din ng Pangangasiwa ng Transisyunal na Kaso at mga serbisyo sa Paglilipat sa Komunidad upang tulungan kang maghanap ng pabahay at magbayad para sa mga bagay katulad ng mga deposito sa seguridad at pag-aayos ng palingkurang-bayan.

Ang pederal na pagpopondo para sa programa sa **Mga Paglilipat sa Komunidad ng California (CCT, California Community Transitions)** ay tapos na. Maaaring magkaroon muli ng pagpopondo, depende sa pederal na batas at kung ang estado ng California ay kayang ipagpatuloy ang programa. Tingnan ang website ng DRC para sa karagdagang impormasyon sa darating na mga buwan. Ang programa sa CCT ay nakuha para sa mga indibiduwal na kwalipikado sa Medi-Cal na tumira sa ospital o pasilidad ng propesyunal na pangangalaga nang hindi bababa sa 90 araw. Tumulong ang CCT na humanap ng lugar na matitirahan at tiniyak na handa ang pangangalaga sa bahay, mga

kasangkapan sa bahay, at palingkurang-bayan para sa pag-uwi mo. Ang CCT ay hindi nakuha sa lahat ng mga county. Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services) ng California sa: <http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/CCT.aspx>, o sa paglalathala ng DRC sa:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/the-california-community-transitions-cct-program-a-way-for-a-nursing-home-resident-to>

## **Paano Ako Makakukuha ng Tulong sa Labas ng Bahay sa Araw?**

**Ang mga Serbisyong Batay sa Komunidad para sa Nasa Wastong Gulang (CBAS, Community Based Adult Services)** ay isang lisensyadong programa na nag-aalok ng pang-araw na mga serbisyo sa kalusugan at iba pa sa mga sentro sa buong estado. Kilala rin bilang Pang-araw na Pangangalagang Pangkalusugan para sa Nasa Wastong Gulang (Adult Day Health Care), ang CBAS ay makukuha para sa mga nasa wastong gulang na may mga kapansanan na kung hindi man ay kwalipikado para sa pangangalaga sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga, o may nagpapatuloy na mga kondisyon na tumutugon sa mga pamantayan sa pagpasok (iyon ay, demensya, dyagnosis sa kalusugan sa isip). Kabilang sa mga serbisyong ibinibigay sa mga programa sa CBAS ang: mga serbisyo sa propesyunal na pangangalaga; mga terapiyang pisikal, pantrabaho at pananalita; mga serbisyo sa kalusugan ng isip; panterapiyang mga gawain; mga serbisyong panlipunan; personal na pangangalaga; maiinit na pagkain at pagpapayo sa nutrisyon; at transportasyon sa at mula sa bahay ng kalahok. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CBAS, kasama ng kung paano makahahanap ng programa malapit sa iyo, tingnan ang website ng Kagawaran ng Pagtanda (Department of Aging) ng California sa: <http://www.aging.ca.gov/ProgramsProviders/ADHC-CBAS/> at [http://www.aging.ca.gov/ProgramsProviders/ADHCCBAS/Program\\_Overview.aspx](http://www.aging.ca.gov/ProgramsProviders/ADHCCBAS/Program_Overview.aspx). Dagdag pa, ang mga programang PACE (inilarawan sa itaas), ay karaniwang nag-aalok ng pang-araw na pangangalagang pangkalusugan bilang bahagi ng kanilang programa.

<http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/ProgramofAllInclusiveCarefortheElderly.aspx>.

## **Paano Ako Makakukuha ng Batay sa Komunidad ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip?**

Ang iyong pangunahing doktor sa pangangalaga o ibang tagapagbigay ng pisikal na pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa iyo kung pareho kayong sumang-ayon. Dagdag pa, ang

“mga espesyalistang serbisyo sa kalusugan ng isip” ay mga serbisyo na ibinibigay ng mga espesyalista sa kalusugan ng isip, tulad ng mga sikayatriza, mga sikolihista, lisensyadong klinikal na mga manggagawang panlipunan (LCSWs, licensed clinical social workers), lisensyadong mga terapruta para sa kasal at pamilya (MFTs, licensed marriage and family therapists), mga sikayatrik na tekniko, o mga tagapagbigay ng suporta sa kapareha. Ang espesyalistang mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay ibinibigay sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa pamamagitan ng Mga Plano sa Kalusugan ng Isip (MHPs, Mental Health Plans) ng Medi-Cal. Lahat ng mga MHP ay bahagi ng mga kagawaran sa kalusugan sa isip o kalusugan sa pag-uugali ng county. Ang MHP ay makakapagbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng sarili nitong mga empleyado, o sa pamamagitan ng nakakontratang mga tagapagbigay. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa espesyalistang mga serbisyo sa kalusugan ng isip, tingnan ang paglalathala ng DRC sa:

<https://www.disabilityrightsca.org/publications/medi-cal-mental-health-entitlement>

## **Paano kung Mayroon Akong Bahagi ng Gastos sa Medi-Cal na Ginagawang Mas Mahal ang Pangangalagang Pantahanan?**

Kung ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal ngunit mayroon kang Bahagi ng Gastos (SOC, Share of Cost), magagamit mo ang bahagi ng gastos na iyon upang magbayad para sa mga serbisyong batay sa bahay at komunidad, kabilang ang mga serbisyo sa personal na pangangalaga na iyong kailangan upang lumipat ng bahay o manatili sa bahay. Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS, Department of Health Care Services) ng California ay naglabas ng pamatnubay tungkol dito bilang Sulat sa Lahat ng Patnugot sa Kapakanan ng County (All County Welfare Director’s Letter) 15-02, na makikita sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Documents/ACWDL/2015/15-02.pdf>

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang paglalathala ng DRC tungkol sa paksang ito sa: <https://www.disabilityrightsca.org/publications/how-can-i-use-my-share-of-cost-to-get-more-services-i-need>.

## **Kung Ako ay Kasal at May Kapansanan, Paano Ako Makakukuha ng mga Serbisyong Medi-Cal sa Bahay at Hindi Lamang sa Pasilidad ng Propesyunal na Pangangalaga?**

Hanggang kamakailan, ang batas sa Medicaid ay gumagamit ng mas mapagbigay na mga patakaran sa kita para sa pagiging kwalipikado ng kasal na mag-asawa sa Medicaid kapag ang isang asawa ay nagkaroon ng kapansanan at napunta sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga. Naglalayon ito na

iwasan na maging mahirap ang asawa sa komunidad upang magbayad para sa pangangalaga para sa asawang may kapansanan. Ang mga patakarang ito ay naaangkop din kapag ang asawang may kapansanan ay nasa Pagpapaubaya sa HCBS. Pinalawig ng Batas sa Abot-Kayang Pangangalaga ang mga patakarang sa “pagpapahirap ng asawa” sa mga mag-asawakung saan ang isang asawa ay tumutugon sa lebel ng pangangalaga sa pasilidad ng propesyunal na pangangalaga ngunit (at gustong) manatili sa komunidad. Ang pagpapatupad ng mga patakarang ito ay nagbibigay-daan sa kasal na mga indibiduwal na tumanggap ng batay sa komunidad na mga serbisyo sa Medi-Cal katulad ng IHSS, CBAS, atbp. Narito ang sulat: <https://www.dhcs.ca.gov/services/med-cal/eligibility/Documents/ACWDL/2018/18-19.pdf>

**Gayunpaman, ang pagpapalawig ng mga patakarang sa pagpapahirap ng asawa, katulad ng CCT, ay nagtapos noong Disyembre 31, 2018. Mayroong posibilidad na ang pederal na batas o pang-estadong aksyon ay maaaring ipagpatuloy ang programa sa CCT at pinalawig na mga proteksyon sa pagpapahirap ng asawa. Ang mga proteksyon sa pagpapahirap ng asawa ay naaangkop pa rin sa mga indibiduwal sa mga pasilidad ng propesyunal na pangangalaga at nasa mga pagpapaubaya sa HCBS. Kung hindi ka sigurado kung ang mga proteksyon ay naaangkop sa iyo, maaari kang makipag-uganayan sa DRC.**

---

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang [pormularyo ng kahilingan para sa tulong](#). Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

*Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.*